Para sa Lahat ng May Kinalaman

# Gabay Tungkol sa Pagpapatupad ng "Kampanya Para Mapigilan ang Pandaraya" sa Technical Intern Training Program at Specified Skilled Worker Program 2024

National Association for Global & Open Minded Communities (NAGOMi)

**Para sa mga Supervising Organization, Registered Support Organization, Accepting Organization, Sending Organization at mga Foreign Worker**

**Hinihiling ang inyong kooperasyon para mapigilan ang pandaraya at para sa tamang pagtatrabaho ng mga foreign worker**

1. (1) Napagdesisyunan sa ministerial meeting noong February 9, 2024 ang patakaran ng gobyerno para sa pagbago ng dalawang programa (tungkol sa pagtugon ng gobyerno sa final report ng expert's meeting tungkol sa Technical Intern Training Program at Specified Skilled Worker Program). Ipinahayag naman noong March 15, 2024 ang pagbabago ng bahagi ng Immigration Control and Refugee Recognition Act and Act on the Proper Implementation of Technical Intern Training and Protection of Technical Intern Trainees, at ito ay pumasa sa Kongreso noong May 21.

(2) Isa sa mga dahilan sa pagbago ng programa ay ang mga pagpuna mula sa loob at labas ng Japan tungkol sa paglabag ng karapatang pantao (tulad ng marahas na salita, karahasan, hindi pagbayad ng sweldo) at madalas na pagkawala ng mga trainee. Dahil dito, binibigyan ng importansya ang "proteksyon ng karapatan ng mga dayuhan" at pagsulong ng career ng mga dayuhan" sa paggawa ng bagong programa.

2. (1) Sa mundo ng negosyo, sa bandila ng "Negosyo at Karapatang Pantao," kinakailangang siguraduhin at ipahayag na walang paglabag sa karapatang pantao sa supply chain (tinatawag na Human Rights Due Diligence at tatawaging "Human Rights DD" mula ngayon). Maraming mga

western countries ang nagpasa ng mga batas laban sa paglabag ng karapatang pantao tulad ng sapilitang pagpapatrabaho at pagpapatrabaho ng kabataan (halimbawa: "Uighur Forced Labor Prevention Act" ng Amerika at "Supply Chain Act" ng Germany). Ang mga kumpanyang lumabag nito ay pinapatawan ng import ban at product boycott.

(2) Kahit hindi pa naisasabatas, ang gobyerno ng Japan ay gumawa ng "Business and Human Rights Action Plan" noong taong 2020 at ginawang sapilitan ang "Human Rights DD" para sa public construction at government procurement noong April 2023.

Sa pribadong sektor, noong 2021 ang Keidanren ay gumawa ng "Handbook for Respecting Human Rights" para isulong ang kamalayan sa pagbabago at boluntaryong pagsisikap ng mga kumpanya. Ang Tokyo Chamber of Commerce and Industry (Toushou) at Japan Chamber of Commerce and Industry (Nisshou) ay nagsasagawa ng mga seminar na nagpapaliwanag ng kahalagahan ng Human Rights DD. Dahil dito, dahan-dahang dumarami ang mga kumpanyang tumutupad sa Human Rights DD.

Noong 2022, lumabas ang isyu ng labing-isang Vietnamese technical intern trainees sa isang kumpanya ng pananahi sa Ehime na hindi nabayaran ng overtime pay. Ang Wacoal na isang malaking apparel maker naman, bilang customer ng kumpanya ng mga trainees ay nagbigay ng 5 million yen sa support organization para sa mga trainees. Ang Hankyu Hanshin naman ay itinigil ang order ng mga damit na gawa ng kumpanyang iyon. Ayon naman sa mga balita, simula July 2023, ang tatlong malalaking banko na Mitsubishi UFJ, Mitsui Sumitomo at Mizuho ay mahigpit na sinusuri kung walang paglabag ng karapatang pantao tulad ng sapilitang pagpapatrabaho sa supply chain bago sila magpahiram ng pera sa kumpanya.

3. (1) Lumalala ang problema ng Japan sa pagbaba ng populasyon at kakulangan sa manggagawa. Ang kinabukasan ng Japan ay nakasalalay sa pagsulong ng capital investment (DX Conversion) at ang pagiging bansang mapagkakatiwalaan at pipiliin ng mga foreign worker. Sa kasamaang palad, ang patuloy na pagbaba ng yen nitong nakalipas na dalawang taon ay nagpapababa ng pagiging kaakit-akit na destinasyon ng Japan.

(2) Para maging bansang mapagkakatiwalaan at pipiliin ng mga foreign worker, importanteng pasiglahin ang ekonomiya ng Japan at itaas ang sahod, ngunit tayo ay nasa panahong kinakailangan na hangga't maaari ay mabawasan ang paglabag sa karapatang pantao.

Para makamtan ito, kinakailangang "magsagawa ng mabilis at epektibong hakbang sa pagtulong" at "mahigpit na parusa laban sa mga lumalabag na kumpanya." Gayundin, sa pangangailangang bawasan ang utang ng mga foreign worker na isa sa mga dahilan ng kanilang pagkawala, importante din ang isinusulong ng gobyerno ng Vietnam at International Labor Office (ILO) na pagtanggal at pagbawas ng iba't ibang fee na sinisingil sa mga foreign worker. Importante din na maghanda ng kapaligiran na magugustuhan ng mga foreign worker (kasama na ang posibilidad na umangat sila sa trabaho sa SSW) at mapaisip sila na tama ang desisyon nilang pumunta ng Japan kung iisipin mula sa pananaw ng seguridad ng Japan (para hindi magkaroon ng mga taong ayaw sa Japan).

4.(1) Simula ng spring 2022 pagkatapos ng corona pandemic, bumalik at lumaganap ulit ang unti-unting nawala na sana na kickback at labis na paglilibang mula sa Sending Organization para sa Supervising Organization. Sinasabi din na dumadami ang "pekeng Gijinkoku" na base sa pekeng mga dokumento at pekeng application para sa "Engineer/Specialist in Humanities/International Services." Sa Specified Skilled Worker Program naman, aktibo na ang masasamang broker at importante ang kaagad na pagtanggal sa kanila. Duamadami rin ang mga foreign worker na nagtatrabaho bilang Specified Skilled Worker na humihingi ng tulong sa mga support organization para sa mamamayan ng bawat bansa sa Japan.

(2) Sa pagtugon sa mga ganitong problema, importante ang papel na ginagampanan ng "gobyerno ng Japan" at "gobyerno ng bansang nagpapadala ng manggagawa" ngunit mahalaga din ang kamalayan at pagsisikap ng mga "organisasyon sa Japan" (Supervising Organization, Registered Support Organization, Accepting Organization) at mga "organisasyon sa bansang nagpapadala" (Sending Organization, manggagawang pupunta sa Japan).

Sa ganitong pananaw, isusulong sa loob ng isang taon ang **"Kampanya Para Mapigilan ang Pandaraya"** sa Technical Intern Training Program at Specified Skilled Worker Program mula June 2024.

Taos-pusong hinihingi ang kooperasyon ng lahat ng may kinalaman.